Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 8-Modyul 27:
## Panghalip na Panaklaw



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas

Filipino – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan - Modyul 27: Panghalip na Panaklaw
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Jean A. Manuel |
| **Editor:** | Cathyrine D. Melos |
| **Tagasuri:** | Emelita F. Rey, PSDS<br>Mari Elena T. Romualdo |
| **Tagalapat:** | Ma. Gelyn G. Zerna<br>Rommel C. Villa |
| **Ilustrador:** | Madilyn P. Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapamahala:**<br>**Chairperson:** | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamanihala ng mga Paaralan* |
| **Co-Chairperson:** | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| **Mga Kasapi:** | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS-Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS-LRMS<br>Loan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Kagawaran ng Edukasyon-Sangay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 8-Modyul 27: Panghalip na Panaklaw

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon sa Region 10@Deped.Gov.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ang modyul na ito*

- Ang modyul na ito ay inihahandog para sa Ikaapat na Baitang na mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.
- Matututunan mo sa modyul na ito ang tungkol sa mga panghalip na panaklaw.
- Naghanda ako ng mga halimbawa ng mga salita na makatutulong sa iyo upang lalo mong maintindihan ang paksa.
- Mayroon din itong pagsasanay upang lalo kang humusay sa araling ito.



***Mga Tala para sa Guro***

Ang aralin ay nakasentro kung saan masusukat ang kakayahang umintindi ng mag-aaral. Mainam na sa pagbibigay ng puntos ay maghanda ka ng *rubric* at *criteria* na pagbabasihan mo ng katumbas na puntos ng kanilang mga sagot. Lalun – lalo na sa nga pagsasanay o sitwasyon na nangangailangan ng *logical* na eksplenasyon.



## *Alamin*

Pagkatapos gawin ang mga pagsasanay sa modyul na ito, ang mga bata ay inaasahang mapaunlad ang mga sumusunod na kasanayan:

Layunin:

1. Nagagamit ang iba't ibang uri ng panghalip (panaklaw)-tiyakan-Isahan/Kalahatan-di-tiyakan sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang;

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:**

Isulat sa patlang ang mga salitang makikita sa kahon.

1. h l a h a t m n s t n w a s I o ____________

2. k a l a h m a d l a s I g n m ____________

3. p o t a h s u d b a l a n a m ____________

4. a n u m a n a s o d o m w ____________

5. o b I r k a i l a n m a n p u ____________

| Aralin 1 | Panghalip na Panaklaw |
|---|---|



***Balikan***

Isulat sa papel ang napakinggang teksto na babasahin ng guro. Isalaysay ito sa klase.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

____________________________________________________________



## ***Tuklasin***

Basahin ang talata.

Ang pamilya ni Tatay Inyong at Nanay Juaning ay huwarang pamilya. Sila ay may tatlong anak. Si Julie, Atel at Ingging. Maagang bumabangon si Tatay Inyong para magsaka sa kanilang munting palayan. Habang si Nanay Juaning naman ay nagluluto ng agahan. Araw-araw, si Julie ay nagpapakain at nagpapaligo ng kanilang kalabaw. Si Atel naman ay nagdidilig ng mga halaman at nag-iigib ng tubig. Si Ingging na bunsong anak ay naglilinis sa loob at labas ng bahay. **Bawat isa** ay may takdang gawain. **Lahat** ay masipag magtrabaho. Kaya naman, **pawang** kaligayahan ang kanilang nadarama dahil lahat ay nagtutulungan.

Sino ang huwarang pamilya?_____________________________

Ilan ang anak nina Tatay Inyong at Nanay Juaning? ___________

Ano-ano ang takdang gawain ng bawat isa?__________________

Paano mo ilarawan ang pamilya?__________________________

Nagtutulungan din ba kayo sa bahay? Paano?__________________

Ano ng tawag sa mgasalitang may salungguhit? ________________



## *Suriin*

https://www.google.com/search?q=panghalip+na+panaklaw+worksheets%3Dpdf&oq=panghalip+na+panaklaw+worksheets%3Dpdf&aqs=chrome..69i57j0l3.19766j0j4&sourceid=chrome&ie=UTF-8

Ang mga salitang *bawat isa, lahat at pawang* ay ilang halimbawa ng panghalip na panaklaw.

Ang **panghalip na panaklaw** ay isang uri ng panghalip na may sinasaklaw na kaisahan sa bilang, dami, o kalahatan.

-Ito ay maaaring tiyakan o di-tiyakan.

Ang tiyakan ay maaaring:

1. Nagsasaad ng kaisahan

Halimbawa: isa bawat bawat isa

- *Isa* lang ang nais kong sabihin sa inyo.
- *Bawat* bata ay may karapatang mabuhay.

2.Nagsasaad ng dami o kalahatan

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Halimbawa: | panay | kaunti | tanan | madla |
| | lahat | marami | balana | pulos |
| | ilan | pawang | iba | |

- Nasiyahan ang *madla* sa iyong pagtutula.
- *Marami* ang humanga sa iginuhit ni Maria.

Ang **di-tiyakan** ay mga panghalip na pananong na kinakabitan ng **man** na nangangahulugan na di-tiyakan ng pinag-uusapan gaya ng:

| | |
|---|---|
| ano man o anuman | kanino man |
| sino man o sinuman | kailanman |
| saan man | magkano man |

Halimbawa:

- *Sinuman* ay may karapatang mabuhay sa mundo.
- *Kailanman* hindi ko ipagpapalit ang aking mga magulang.



## *Pagyamanin*

**Gawain A.** https://.samutsamot.wordpress.com

Isulat sa patlang ang mga panghalip na panaklaw sa bawat pangungusap.

_______1. Ang balana ay pumupuri kay Pangulong Duterte.

_______2. Lahat ay nagtutulungan para sa ikauunlad ng bayan.

_______3. Kukunin ko siya anuman ang mangyari.

_______4. Ang mga dumating ay pawang kilala sa lipunan.

_______5.Walang sinuman ang nabubuhay na para sa sarili lamang.

**Gawain B**

Lagyan ng wastong panghalip ang linya upang mabuo ang diwa ng pangungusap. Piliin ang sagot sa kahon sa bawat bilang.


| lahat, pawang |
|---|
| Panay, Bawat |
| isa, ilan |
| madla, isa |
| tanan, iba |


1. Nagkaisa ang __________ na linisin ang kapaligiran upang makaiwas sa sakit na dengue.
2. _________ isa ay may pangarap sa buhay.
3. Ang bawat _________ ay naghandog ng alay.
4. Nagulat ang _________ sa ipinakitang galing sa pag-awit ni Manilyn.
5. Ang bibigkas ng talumpati sa kalinisan ay bumati sa __________.



***Isaisip***

Magbigay ng halimbawa sa bawat kahon at gamitin sa pangungusap.





## *Isagawa*

**Gawain A**

Hanapin ang mga panghalip na panaklaw na nakalista sa ibaba. Ang mga panghalip ay nakasulat nang pahiga (→), pababa (↓), o pahilis (↘).

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | I | S | A | O | I | L | A | N | A |
| B | A | M | I | H | S | I | L | A | M |
| A | T | I | S | O | K | N | A | Y | A |
| W | I | A | L | I | A | U | H | O | R |
| A | N | N | I | A | U | O | A | P | A |
| T | R | Y | L | A | N | A | T | L | M |
| P | A | N | A | Y | T | M | M | A | I |
| I | K | M | W | I | I | O | A | H | I |
| P | A | R | A | N | G | S | E | N | M |
| D | A | N | U | M | A | N | M | T | K |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| isa | panay | ilan | kaunti | kailanman |
| bawat | lahat | marami | parang | anuman |

**Gawain B**

Gamitin sa pangungusap ang nahanap na mga salita sa *puzzle.*

1. panay-____________________________________________
2. lahat-____________________________________________
3. ilan- ____________________________________________
4. kailanman-____________________________________________
5. anuman- ____________________________________________

## *Tayahin*

Punan ang patlang ng wastong panghalip na panaklaw upang mabuo ang pangungusap. Pumili ng sagot sa kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| anuman | sinoman | lahat | madla |
| | saanman | gaanoman | |

1. Ang _____ ay nagpalakpakan matapos mapanood ang laro ni Andy.
2. ______ karami ang nakahain sa mesa ay dapat nating ubusin.
3. ______ ang nais mo sa darating na kaarawan mo ay ibibigay ko.
4. Walang maaring magsira sa iyo maging ______ sila.
5. ______ dako ng mundo, nagkaisa ang bawat mamamayang Pilipino.

## *Karagdagang Gawain*

Bilugan ang panghalip na panaklaw sa pangungusap.

1. Ang marami ay ginulantang nang nakakatakot na sobrang lakas ng hangin.
2. Sinuman sa mga naroroon ay may kanya-kanyang hindi malilimutang karanasan na dulot ng bagyong Yolanda.
3. Sa mga balita sa alinman mga istasyon ng telebisyon, ng panahong iyon, mas marami ang hindi magagandang balita.
4. Walang anuman naisalbang gamit ang karamihan sa mga tao na naninirahan sa lugar na sinalanta ng bagyong Yolanda.

## *Susi ng mga Sagot*

| Subukin |
| --- |
| 1.lahat |
| 2.madla |
| 3.balana |
| 4.anuman |
| 5.kailanman |

Balikan

Rubriks

Kaayusan ng teksto-------------------40%

Laman------------------------------------30%

Maayos na pagsasalaysay----------30%

100%

| Pagyamanin A |
| --- |
| 1.balana |
| 2.lahat |
| 3.anuman |
| 4.pawang |
| 5.sinuman |

| Pagyamanin B |
| --- |
| 1.lahat |
| 2.bawat |
| 3.isa |
| 4.madla |
| 5.tanan |

| Tayahin |
| --- |
| 1.madla |
| 2.gaanoman |
| 3.anuman |
| 4.sinoman |
| 5.saanman |

| Karagdagang Gawain |
| --- |
| 1.marami |
| 2.sinuman |
| 3.alinman |
| 4.anuman |
| |

## *Mga Sanggunian:*

Aragon, Angelita L., N.B. Montojo, M.F. Faminiano, M.A. Barza. (1993). Mga Alamat at iba pang mga Kuwento. Tru-Copy Publishing House, Inc.

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 LM.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Calatrava, Sancho C., M.R. Jaurique, F.B. Rafael, D.S. de Castro, J.R. Brana, M.H. Umadhay, C. Reyroso, A. Gime, R. de los Reyes, A.Z. Soniega, F.C. Guinto, Y.S. Maligaya, A.M. Aranzanzo, M.J. Derla, G.D. Badillo, A.D. Jabines. (2015). Yaman ng Lahi 4 TG.SunshineInterlinks Publishing House, Inc.

Garcia, Florante C. at Priscila J. Anastacia. (2019). Pintig ng Lashing Pilipino 4.SIBS Publishing House, Inc.

Lalunio, Lydia P. at Francisco G. Gil. (2000). Hiyas sa Wika at Pagbasa 4 Manwal ng Guro. LG & M Corporation

Para sa anumang katanungan o puna, maaring ipadala sa

pamamagitan ng sulat o tumawag sa:

Kagawaran ng Edukasyon- Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615